Our Toronto
Volume 3 Issue 1

Magpatala sa Listahan ng Botante.

Sa Lunes, Oktubre 25, 2010, ihuhulog ng mga botante ang kanilang mga balota sa mahigit 1,600 na lokasyon sa 44 na purok sa buong Toronto. Pagpapasyahan ng may 1.5 milyong tao ang mga pusisyon para sa Meyor, Konsehal ng Lungsod at Trustee ng School Board.

Kailangang nasa listahan kayo ng mga botante para makatanggap ng mahalagang impormasyon tungkol sa parating na eleksyon, tulad ng Voter Information Card, na nagsasabi sa inyo kung kailan at saan dapat bumoto, at nagpapabilis ng proseso ng inyong pagboto. Ang listahan ng mga botante ay ang talaan ng mga taong karapatdapat bumoto sa Lungsod ng Toronto.

Ang Municipal Property Assessment Corporation (MPAC) ang responsible sa paghahanda ng panimulang listahan ng mga botante sa taon ng eleksyon. Sa inyong tulong, ang listahang ito ay laging binabago o isinasapanahon at nakakatulong naman sa paghahanda ng Toronto Elections para sa paghahanda ng listahan ng mga botante sa Araw ng Eleksyon.

Kung kayo'y lumipat o naging Canadian citizen kamakailan lang, dapat ninyong kontakin ang MPAC para alamin kung kayo'y nasa database o para baguhin ang inyong impormasyon.

Ang mga nangungupahan ay may mahalagang dahilan para alamin ito dahil hindi sila agad-agad na kasama sa database.

Para malaman kung kayo'y kasalukuyang database ng MPAC o para baguhin o isapanahon ang inyong impormasyon, pakikontak nang direkta ang MPAC bago dumating ang Hunyo 1, 2010:

• Lunes – Biyernes, 8 n.u. – 5 n.h.
Toll-free: 1-866-296-MPAC (6722)

• Para makakonekta ang mga bingi o may kapansanan sa pandinig, tumawag sa 1-877-TTY-MPAC (6722) o sa pamamagitan ng serbisyong Bell Relay.

Kung kayo'y isang Canadian citizen, na may 18 taong gulang, isang residente ng Lungsod ng Toronto o hindi residente na nagmamay-ari o nangangasera sa lupa sa Lungsod ng Toronto o kabiyak nito, kayo ay karapatdapat na bumoto. Tiyakin kung kayo'y nasa listahan ng botante para mapadali para sa inyo ang araw ng botohan.

toronto.ca/elections

o tumawag sa 311

o mag-e-mail sa elections@toronto.ca

Mensahe mula kay Mayor David Miller

Lubos na ipinagmalaki ko ang mga residente't negosyo ng Toronto noong nakaraang Disyembre sa Copenhagen. Ako at si Mayor Ritt Bjerregaard, mahigit na 80 meyor mula sa buong mundo ay nagtipon sa isang pulong para ipakita kung ano ang ginagawa ng mga lungsod para labanan ang pagbabago ng klima (climate change) at lumikha ng mabubuting trabahong may pagmamalasakit sa kapaligiran.

Sa pagbukas ng pulong, si George Monbiot, isang kolumnista para sa dyaryong Guardian at isa sa nangungunang manunulat sa mundo tungkol sa mga isyung pangkapaligiran, ay humiling sa mga nakatipong meyor na "tukuyin ang lungsod na, sa inyong paniwala, ang siyang pinakamapagmalasakit sa kapaligiran."

Isa lamang ang naging sagot. At ito'y ibinigay ng meyor ng Los Angeles na si Antonio Villaraigosa: Toronto. Walang sinumang meyor ang tumutol. Bakit? Dahil kilala sa buong mundo ang Toronto bilang nangunguna sa panibagong tamang paraan ng paglaban sa pagbabago ng klima, pagtipid sa pera at paglikha ng mga trabaho.

Bilang meyor, alam kong maraming inisyatiba sa Toronto na nag-aambag sa ating napakahusay na reputasyon sa mundo habang tumutulong sa paglilinis ng kapaligiran. Nariyan ang ating nangunguna-sa-mundong plano para sa Transit City na mag-uugnay ng mga komunidad sa buong Toronto sa pamamagitan ng light rail. Ang Mayor's Tower Renewal ay isang programa ng paglalagay ng mura na makabagong teknolohiyang pang-enerhiya sa mga gusali ng apartment na itinayo noong dekada 60/70 habang lumilikha ng lokal na mga trabaho, nagpapapanibagong-sigla ng mga komunidad at nagbabawas ng ating greenhouse gas emissions. Ang Clean Energy Strategy ng lungsod ay naghihikayat ng paggamit ng maaaring baguhin at muling gamiting mga pinagmumulan ng enerhiya habang ang Exhibition Place ay kumikilos para maging net zero na tagapagkonsumo ng enerhiya. At nariyan ang ating Official Plan na nagpapalaganap ng *density to conserve energy*, ang ating matagumpay na programa para sa blue at green bin at ang singil na five-cents para sa plastik na bag. At tuluy-tuloy ang listahan.

Kung gaano ko ipinagmamalaki ang katayuan ng Toronto bilang lider sa pangangalaga ng kapaligiran, gayundin ang kasiyahan at pagpupugay ko sa mga taga-Toronto. Mga indibidwal man sila, lider sa negosyo o sa paggawa, nauunawaan nilang wasto para sa kapaligiran ang pagpawi sa dumi/basura, at nauunawaan nilang ito ang wasto para sa pagiging produktibo at para sa negosyo na rin. Marami tayong mga lider sa pangangalaga sa kapaligiran: mga pinunong tulad nina Tom Heintzman sa Bullfrog Power; tulad ng Toronto Hydro Corporation na pag-aari ng Lungsod; mga developer tulad ng Minto at Tridel na nagtatayo ng mga "berdeng" gusali sa mga "berdeng" komunidad ayon sa pinakamataas na mga pamantayan.

Mayroon din tayong mga pinuno sa kilusang paggawa. Ang International Brotherhood of Electrical Workers (IBEW), halimbawa, ay nagsasanay ng mga miyembro nito na pagpursigihan ang mga abanteng inisyatibang pang-kapaligiran tulad ng mga wind turbines. Ang Building Trades ay katuwang ng Lungsod sa Mayor's Tower Renewal at patuloy na nakikipagtrabaho sa atin para tulungan ang mga kabataan na maglinang ng kakayanang kailangan para sa mga "berdeng" trabaho sa ika-21 dantaon, at para matiyak na ang kabataan mula sa lahat ng komunidad ay may disente, maayos ang sahod ay ligtas na hanapbuhay.

Nitong nakaraang buwan lang, ang Toronto ay tinukoy ng Corporate Knights Magazine bilang pangunahin sa malalaking lungsod sa Canada na sustenable; tumatanggap ng pinakamataas na marka para sa ating agresibong planong bawasan ang greenhouse gas emissions. "Ang mga lungsod ang pagsisimulan ng transisyon sa pangmatagalang pag-unlad at nangunguna dito ang Toronto," ipinahayag ng magasin.

Sa Hunyo, lahat ng mga inisyatiba sa pagbubuo ng lungsod ay itatanghal sa taunang kumperensya ng Federation of Canadian Municipalities (FCM) dito mismo sa Toronto. Makikita nating nagtitipon ang mga meyor at mga hinalal na upisyales mula sa buong bansa para sagutin ang tanong na: Paano nating itatayo ang isang malakas na Canada; isang Canada na lumilikha ng mga trabaho at gumagalang sa kapaligiran; isang Canada na nagbubuo at nagpapalakas ng imprastruktura ng mga lungsod nang may suporta ng lahat ng gubyerno at lahat ng tao?

Inaasahan ko ang kumperensya ng FCM dahil alam kong ang ating mga kasamahan sa iba't ibang lungsod at bayan ng Canada ay hahanga sa Toronto tulad ng paghanga ng mga kaibigan natin mula sa ibang bansa noong pulong sa Copenhagen. Batid ko rin na patuloy tayong matututo't mag-aaral mula sa maraming pagbabagong ginagawa ngayon ng munisipalidad sa lahat ng dako ng mundo.

Bilang Meyor, nasa akin ang pribilehiyong makita araw-araw ang kamangha-manghang pag-unlad na isinusulong ng lungsod na ito. Lalong kapaki-pakinabang kung naririnig kong pinupuri at kinikilala tayo sa buong mundo dahil sa ating mga ginagawa. Tunay kong ipinagmamalaki ang Toronto at alam kong ganoon din kayo.

toronto.ca/mayor_miller

Patok sa mga residente ang photo contest ng Lungsod ng Toronto

Mahigit 700 litratista ang nagsumite ng may 4,100 litrato sa Lungsod ng Toronto. Ang photo contest na binansagang "Sama-samang nagbubuo ng isang dakilang lungsod" ay nagtapos noong Disyembre 2009. Isang tatlo-kataong lupon ang pumili ng 52 nagwaging mga litrato at 130 may karangalang banggit sa 13 magkakaibang kategorya. Ang mga husgado ay naghahanap ng makapangyarihang mga larawan na nagtatamo ng diwa, lakas at kakaibang katangian ng Toronto. Isang galeriya ng mga nagwaging litrato ang matatagpuan sa internet sa website ng Lungsod.

Sa isang pagdiriwang sa City Hall noong Enero 18, naroon sina Mayor David Miller at City Manager Joe Pennachetti para maghandog ng sertipiko sa mga nagwaging litratista. "Ang paligsahang ito ay isang magaling na paraan para maipakita ang yaman ng talino na mayroon tayo sa Toronto at makipagpalitan/makisalamuha ang publiko sa kanilang Lungsod," wika ni Mayor Miller.

Dagdag sa paglalagay ng kanilang mga kuhang litrato sa internet/online, ang mga litratistang nagwagi ay nakatanggap din ng mga premyo mula sa Lungsod ng Toronto kasama na ang bagong aklat na *Toronto's Visual Legacy, Official City Photography from 1865 to the present.*

toronto.ca/photocontest

Lumalawak ang 311 Toronto sa internet/online

Mula nang ilunsad ang serbisyo noong Setyembre, ang 311 Contact Centre ng Toronto ay nakasagot na ng libong tawag sa telepono mula sa mga residente, 24 oras sa isang araw, pitong araw sa iasng linggo. Ang ilan sa mga tawag na ito ay simpleng para lamang sa impormasyon, subalit karamihan ay kahilingan para sa serbisyo. Ang kahilingan sa serbisyo ay maaaring kahit ano mula sa pagsundo/ hatid ng mga kagamitang bahay hanggang sa kahilingang pansamantalang patayin ang tubig habang ginagawa ang mga kinukumpuni ang mga tubo.

Sa paglunsad ng serbisyong online ng 311, ang mga residente'y maaari na ngayong magdulog ng sarili nilang kahilingan sa internet. Puntahan lang ang web page (toronto.ca/311), pumili ng serbisyong hihilingin, kumpletuhin ang online form at isumite.

Tulad ng sa pagtawag ninyo sa 311, tatanggap kayo ng reference number para sa inyong kahilingan sa serbisyo. Sa pamamagitan ng numerong ito o pagtawag sa 311, masusundan ninyo online ang katayuan ng inyong kahilingan.

Ang pagdagdag ng serbisyong online sa 311 ay isa na namang hakbang sa pagsisikap ng Lungsod na matiyak ang mabilis na pag-abot sa mga serbisyong alok ng Lungsod.

toronto.ca/311
o tumawag sa 311 (sa Toronto lamang)
o 416-392-CITY (2489)

Maging Aktibo Toronto!

Hindi ninyo kailangang lumabas ng lungsod para tamasahin ang kaligayahan sa labas. Ang Toronto Parks, Forestry and Recreation ay nakikipagtulungan sa iba't ibang organisasyon para magbigay at magtaguyod ng aktibong malusog na pamumuhay sa labas ng tahanan para sa mga residente ng Toronto. Ang Trail Club (TBTC) ay sa sa mga organisasyong mayroong mga aktibidad kaugnay ng paglalakad.

Nag-oorganisa ang club ng mga regular na Urban Walks (Paglalakad sa Lungsod) kung saan ang mga dakong simula at dulo ay kadalasang sineserbisyuhan ng Toronto Transit Commission (TTC). Madalas na maaaring magsimula at tumigil ang mga maglalakad sa mga lokasyong malapit sa mga hintuan ng TTC sa ruta ng lakad. Karamihan ng mga Urban Walks ay ginaganap sa mga landas (trails) ng lakaran sa mga parke ng Toronto at tipikal na tumatagal ng tatlo hanggang apat na oras, sakop ang distansya ng 10 hanggang 12 kilometro. Ang paglakad ay inilalagay sa katamtamang bilis na may pagsaalang-alang sa una pa lamang maglalakad, walang bayad o gastos at pinangungunahan ng mga sertipikadong lider sa malayuang paglalakad (*hike leaders*).

Ang buong listahan ng mga nakatakdang mga paglalakad ay makikita sa website ng Toronto Bruce Trail Club. Ang mga ruta ng Urban Walk ay bahagi ng mapa para sa "Exploring our Parks and Trails" na makkukuha sa inyong lokal na civic centre; maaari din ninyong tawagan ang 311 para sa ibang lokasyong mapagkukunan nito. Maaari din ninyong tawagan ang numero sa ibaba para kayo'y maisama sa listahan ng mga padadalhan ng e-newsletter ng Bruce Trail Club.

torontobrucetrailclub.org
o tumawag sa 416-763-9061
o e-mail information@torontobrucetrailclub.org

Medalya para sa Katapangan

Noong Nobyembre 27, dalawang bumbero ng Toronto ang tumanggap ng Medalya ng Ontario para sa Kapatangan ng Bumbero para sa kanilang pagkilos matapos ang pagsabog na naganap noong Hulyo 20, 2008 sa 2 Secord Ave. Tatlong bumbero ang nag-iimbestiga ng usok na lumalabas mula sa isang underground na paradahan ng sasakyan nang naganap ang malakas na pagputok sa kalapit na kwarto para sa sistema ng kuryente sa lugar. Itinumba nito ang mga bumbero at sumabog ang napakalaking usok at apoy sa kanilang kinalalagyan. Dalawa sa mga bumbero ang nakaalpas dito't nakaabot sa ibabaw ng lupa subalit ang hindi nila nakasama ang kanilang kapitan. Pinababang muli ang dalawa pang bumbero, sina James Gale at Michael Maier, at natagpuan nila ang kapitan sa gitna ng papatinding init at kumakapal na usok. Sa isang seremonya noong nakaraang Mayo, ang mga bumberong sina Gale at Maier ay tumanggap din ng isa Sulat ng Papuri (*Letter of Commendation*), ang pinakamataas na parangal ng Toronto Fire Services.

toronto.ca/fire

Komentaryo sa website ng Lungsod

Ang website ng Lungsod (toronto.ca) ay kasalukuyang binabago at ang lupon ng taga-disenyo ay humihiling ng inyong mga rekomendasyon o ambag. Maaaring napansin na ninyo na pinakinis ang home page noong Marso 2009. Subalit hindi ito ang pinal na hakbang. Tingnan lang nating pambungad ito sa mga darating pang pagbabago.

Nagtatanong sa mga gumagamit nitong website ang lupong nangangasiwa sa proyekto ng muling pagpapasigla/pagbabago sa web kung paanong pahuhusayin pa ang website ng Lungsod. Dito kayo pumapasok. Nais naming makarinig mula sa inyo. Kung inyong pupuntahan ang toronto.ca, mangyaring magklik sa Comment link sa dakong kanan ng banner sa ibaba, at ibahagi sa amin ang inyong mga ideya.

Isang klik lang at makapagbibigay kayo ng komentaryo tungkol sa website ng Lungsod.

toronto.ca

Lalong matrabaho ang tag-araw dala ng malalaking pangyayari at paggawa sa lansangan

Maghanda kayo Toronto – nangangako ang tag-araw na magiging matrabaho sa ating mga lansangan. Isang serye ng mayor na espesyal na mga pangyayari kasabay ang napaka-ambisyosong programa ng konstruksyon ng kalye at serbisyo ng tubig ang magdudulot ng gulo ngayong tag-araw sa mga lansangan ng Toronto.

Mula sa katapusan ng Hunyo hanggang dulo ng Hulyo, maraming mayor na kaganapan sa Toronto na magreresulta sa pagsasara ng mga kalye para mapadulas, sa abot ng kakayanin, ang paggulong ng mga pangyayaring ito.

Ang G20 Summit ay gaganapin sa pinaka-ubod mismo ng Toronto sa katapusan ng Hunyo; bibisita sa dulo ng Hunyo o maagang bahagi ng Hulyo ang Kanyang Kataas-taasang Reynang Elizabeth II at Kataas-taasang Duke ng Edinburgh; ang organisasyong Shriners ay magdaraos ng kanilang kumbensyon sa maagang bahagi ng Hulyo; ang Pride Parade ay nakatakda sa Hulyo 4, ang Canadian Open Golf Tournament ay gaganapin sa St. George's Golf and Country Club (sa dakong Eglinton Avenue at Islington Avenue) mula kalagitnaan ng Hulyo hanggang katapusan ng buwan; ang Beaches Jazz Festival ay idaraos mula Hulyo 16 hanggang a-25 at ang paradang Caribana ay gaganapin naman sa Hulyo 31.

Idagdag dito ang masigabong aktibidad sa panahon ng konstruksyon ng daan at sistema ng daluyan ng tubig at kita na ninyo ang mangyayari. Mas maraming konstruksyon ngayong taon kaysa dati dahil ang programa ng pangangapital ng Lungsod ay pinabilis ng programa ng Canada Infrastructure Stimulus Fund.

Kailangang maging mapasensya ang mga residenteng bumabiyahe sa lungsod, magbigay ng ekstrang panahon para makarating at makaalis mula sa kanilang pupuntahan, at mamasahe hangga't maari.

Habang papalapit ang mga mayor na pangyayaring ito, maaari ninyong puntahan ang aming website para sa impormasyon tungkol sa mga partikular na konstruksyon o pagsara ng mga kalye.

toronto.ca/transportation

G20 sa Toronto – nagdadala ng daigdig sa ating lungsod

Mensahe sa mga residente mula sa pamahalaang pederal at sa Lungsod ng Toronto

Kinumpirma ng pamahalaang pederal na ang Canada magpupunong-abala ng G20 Summit sa Sabado, Hunyo 26 at Linggo, Hunyo 27, 2010 sa Metro Toronto Convention Centre.

Ang Sentro ng Midya para sa pagtitipong ito ay sa Direct Energy Centre ng Exhibition Place (libu-libong midyang galling sa ibang bansa, pambansa at lokal ang dadalo para subaybayan at mag-ulat tungkol sa pagtitipon).

Pinili ang Toronto na pagdausan ng G20 Summit dahil sa karanasan nating matagumpay na makapagpaganap ng malalaking pagtitipon/pagdiriwang at nasa atin ang lahat ng rekisitong lugar na pagdarausan, lambat ng transportasyon at mga panghalina para makapagpaganap ng magumpay na mga pulong at kumbensyon, at makapagbigay sa mga bisita ng kakaibang karanasan.

Magkakaroon ng positibong epekto sa lungsod ang pagpaparaos ng pulong sa Toronto habang ipinapakita natin sa mundo lahat ng maiaalok ng Toronto kaugnay ng turismo, negosyo at pinansya/pagbabangko, kultura at pagkakaroon ng iba't ibang kultura. Binibigyan din ng pagtitipon ang Lungsod ng Toronto ng pagkakataong ipakita ang kilala-na-sa-malawakan na pangunguna nito sa mga usaping pangkapaligiran sa pamamagitan ng pagkilos nito kaama ang mga residente at negosyo para matamo ang mga layunin nitong pangkapaligiran. Binibigyan din ng Summit ang Lungsod ng kakaibang pagkakataon para mamantini at mapaunlad ang bagong mga ugnayan sa pandaigdigang negosyo.

Itinatag ang G20 noong 1999 pagkatapos ng krisis sa pinansya sa Asya noong 1997. Sa kasalukuyang krisis ng ekonomyang pandaigdig, ang mga lider mula sa mga bansang G20 ay kasalukuyang nagpupulong nang regular para talakayin ang mga pangunahing isyu sa pandaigdigang ekonomya. Ang G20 ang pangunahing porum para sa pandaigdigang kaunlarang pang-ekonomya na nagtataguyod ng bukas at konstruktibong talakayan sa pagitan ng mga bansang industriyal at mga bansang may katangian na bagong-pamilihan tungkol sa mga pangunahing isyung may kaugnayan sa katatagan ng ekonomyang pandaigdig.

Ang Management Office (SM0) ng Summit, na bahagi ng Department of Foreign Affairs and International Trade ng Canada, ay responsable para sa lohistika ng Summit. Tinitiyak ng upisinang ito na ang Summit ay idinaraos sa paraang sensitibo at mapagmalasakit ito sa kapaligiran.

Ang Royal Canadian Mounted Police (RCMP) ang may pangunahing papel sa seguridad sa mga mayor na pagtitipon/pagdiriwang tulad ng G20; nagbibigay ito ng serbisyong proteksyon sa mga Internationally Protected Persons (IPPs), mga dayuhang may matataas na tungkulin, at mga delegado habang sila'y nasa Canada.

Ang Toronto Police Service ay katuwang sa seguridad para sa G20 kasama ang Peel Regional Police at iba pang ahensyang panseguridad at para sa kaligtasan ng publiko. Lahat ng mga ito ay susing katuwang sa pinamumunuan ng RCMP na Integrated Security Unit (ISU), na itinatag para tiyakin ang kaligtasan at seguridad ng kapwang mga Summit ng G8 at G20. Ang mga bansang G8 ay magtitipon sa Huntsville sa Hunyo 25 at 26.

Ag Lungsod ng Toronto, ang ISU at ang SMO ay nakatalaga sa bukas, tapat at malinaw na komunikasyon sa komunidad at sa mga tao, tirahan at negosyo na maaaring maapektuhan ng

Summit. Magbibigay ng napapanahong impormasyon sa iba't ibang paraan ang ISU, SMO at ang Lungsod ng Toronto tungkol sa trapiko, seguridad at iba pang bagay na maaaring makaapekto sa mga grupong ito.

Maliwanag na tutukuyin ng pulis ang mga erya at sona na maaapektuhan ng pagsasara ng mga kalye habang papalapit ang araw ng summit. Walang restriksyon para sa mga sasakyang pang-emerhensya, esensyal na serbisyo at yaong may marapat na katibayang maparoon sa mga lugar na saklaw ng mga sonang panseguridad.

Kung hindi ninyo kailangang pumunta sa mga lugar na saklaw ng sonang panseguridad, maiiwasan ninyo ang di-kailangang pagkaantala sa pamamagitan ng paggamit ng alternatibong ruta o paggawa ng alternatibong plano alinman ang maaari. Makikipagkoordina ang Lungsod sa mga katuwang nito sa pederal na antas at sa pulis upang maipaalam ang plano sa trapiko at mga lugar kung saan inaasahang may pagkaantala. Hinihiling sa mga residente na kumuha ng napapanahong impormasyon kung kailangan nilang dumaan o maglakad sa mga apektadong erya.

Sa pagsisikap ng magtatag ng bukas at malinaw na komunikasyon, ang pulis ay lilikha ng grupong makikipag-ugnayan sa komunidad – isang grupo na makikipagtrabaho sa grupong tagapag-ugnay sa komunidad ng SMO at sa ISU. Maaaring abutin ang Community Relations Group sa 1-888-446-4047 o sa pamamagitan ng email sa crg-grc@g8-g20isu.ca.

Ang logo ng G20 Summit sa itaas ng artikulong ito ay ispesyal na dinisenyo para sa pagtitipong ito at itinatampok ang CN Tower. Ang mga tatsulok ng tore ay kumakatawan sa mga landas na nagsasanib patungo sa isang pinagsasaluhang layunin, at sa dulo ng landas na ito ay ang sirkulo/bilog na kumakatawan sa pulong ng G20. Ang iba't ibang laki at bilang ng mga diyamante sa logo ay kumakatawan naman sa mga katangiang kultural na nagbubukod-tangi sa Toronto sa buong mundo bilang isang lungsod na tinitrhan ng maraming magkakaibang grupong etniko.

g8-g20isu.ca

Pagkuha ng mga serbisyong kailangan ninyo

Dalawang bagong programa ang nagbabago sa paraan ng pag-abot ng mga tao sa serbisyo sa paghahanap ng trabaho at panlipunang mga serbisyo sa Toronto.

Web Access to Your Services (WAYS) ay isang kakaibang aplikayong online sa Inggles at Pranse para sa tulong panlipunan. Nagbibigay ang WAYS ng madaling paraan ng pag-abot sa mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho, tulong pinansyal at mga suportang panlipunan sa pamamagitan ng Toronto Employment & Social Services (TESS).

Investing In Families (IIF) ay isang boluntaryong programa na iniaalok ng TESS katuwang ang Parks Forestry and Recreation, Children Services at Toronto Public Health. Nagdadala ang Investing in Families ng maraming serbisyo sa isang pamilyang tumatanggap ng tulong panlipunan para masuportahan ang mga miyembro ng pamilya sa paghahanap ng trabaho, at mga pangangailangan nito sa paglilibang at sa kalusugan.

Binibisita ng mga kawani ng Lungsod ang mga pamilya para alamin kung ano ang kanilang kailangan. Sama-sama silang nagbubuo ng isang plano ng pagkilos. Ang mga gumagawa sa IIF ay nakikipagkoordina sa ibang tagapagbigay ng serbisyo para lumikha ng isang sentro o punto ng koordinasyon para maabot ang mga serbisyo. Halimbawa, natutulungan ang mga pamilya sa paghahanap ng solusyon sa mga balakid sa paglilibang tulad ng gastos sa enrolment at sa kagamitan. Higit sa lahat, tinutulungan ng Investing in Families ang mga pamilya na makaranas ng kanilang pagiging bahagi at koneksyon sa kanilang komunidad.

toronto.ca/socialservices

Napapanahong balita tungkol sa Lungsod

Ang Toronto City Update ay nakatuon sa pinakabagong mga serbisyo,pagbabago at mga tagumpay ng Lungsod ng Toronto – ang pinakamalaking lungsod at ikaanim na pinakamalaking pamahalaan sa Canada. Ang elektronikong pahayagang ito (e-newsletter) ay para sa interesadong mga miyembro ng publiko.

toronto.ca/city-update (para makabasa o sumuskribi)

Ang transpormasyon ng Automotive Building ng Toronto

Nang unang buksan ito sa publiko noong Agosto 1929, ang Automotive Building sa Exhibition Place ay itinuring na modernong milagro. Ito'y dinisenyo ni Douglas Kertland at mabilis na naitayo sa loob ng anim na buwan; ang Automotive Building ay dinisenyo sa estilong art deco na may masalimuot na mga pag-ukit sa bato at pagkagandang ayos ng mga ilaw. Unang itinayo para sa Canadian National Exhibition upang itanghal ang automobile, nagtamasa ng makulay na kasaysayan ang Automotive Building, naging himpilan pa nga ito ng Royal Canadian Navy noong Ikalawang Digmang Pandaigdig.

Ngayon 80 taon mula nang una itong buksan, ang gusali ay binago at kinumpuni bilang isang kaakit-akit na lugar para sa mga kumperensya at pinangalanang Allstream Centre. Mahalagang kasama sa pagkukumpuni nito ang pagbubuo ng ballroom, ang pinakamalaki sa Canada, at ang dagdag na ispasyong pulungang may sukat na 30,000 talampakang kuwadrado. Kapwa itong tigmak sa natural na liwanag/ilaw, na nag-uugnay sa kanila sa paligid na parke at iba't ibang tanaw sa Lake Ontario. Ang labas ng gusali ay ibinalik sa dating kariktan nito noong 1929 at maraming pamanang katangiang art deco sa loob nito ang nagtatanghal ng dakilang nakaraan nito. Ang sentrong lokasyon ng Allstream Centre sa loob ng Princes' Gates ay nagbibigay ng maharlikang pambungad sa Exhibition Place sa Toronto.

Upisyal na binuksan noong Oktuber 22, 2009, ang Allstream Centre ang isang lugar para sa mga kumperensya na pinakasensitibo sa kapaligiran at pinaka-episyente sa paggamit ng enerhiya sa Canada. Isang malaking pag-aari ang Allstream Centre na nakakatulong sa transpormasyon ng Toronto sa isa sa "pinakaberdeng" lungsod sa buong mundo.

allstreamcentre.com

Inaanyayahan kayo ni Mayor David Miller na...

Lumahok sa pagbabawas ng kalat at panatilihing berde, malinis at maganda ang Toronto!
Ireserba ang mga petsang sumusunod:
Biyernes, Abril 23 at 2 n.h. – 20 Minutong Makeover
Sabado, Abril 24 – Programa ni Mayor David Miller para sa Araw ng Paglilinis ng Komunidad

Impormasyon/Pagpaparehistro: toronto.ca/litter o tumawag sa 311

Pagpapanibagong-sigla sa pampublikong pabahay ng Toronto

Ang Toronto Community Housing ay nagpatibay na ng pangmatagalang estratehiya para muling buhayin ang 14 na komunidad na may pampublikong pabahay. Bawat transpormasyon ay nagsisimula sa pakikipagkonsulta ng mga kawani ng Lungsod sa mga residente ng kasalukuyang 4,800 tahanan sa mga komunidad na ito para alamin ang pinakamainam na paraan ng pagbabago.

Regent Park

Ang Toronto Community Housing ay nasa gitna ng pagtatransporma sa Regent Park – isa sa pinakamatanda at pinakamalaking komunidad ng pampublikong pabahay sa Canada – sa isang komunidad na masigla, may iba't ibang tipo o gamit sa pabahay at magkahalong populasyong may iba't ibang antas ng kinikita. Ngayon pa lang ay nagmumukha at nararamdaman nang tulad ng alinmang masiglang komunidad sa downtown.

Ang populasyon ng Regent Park ay lalaki mula sa 7,500 kataong naninirahan sa 2,083 yunit ng pampublikong pabahay tungo sa 12,500 kataong naninirahan sa 5,115 tahanan sa loob ng 15 taon. Magkakaroon ng halo ng pabahay na pampubliko (social), makakayanan (affordable) at nakapresyo sa halaga nito sa pamilihan (market-priced), kapwa para paupahan at ipinagbili. May dagdag na 375 na bagong yunit para sa pampublikong pabahay kalapit nito.

Ang mga kalyeng sarado nang mahigit 50 taon ay muling binubuksan. Tatamasahin ng mga residente ang mga bagong lugar sa pamimili at iba pang serbisyo, kasama na ang mga bagong lugar na palibangan, pook para sa mga bata at isang parkeng sentral.

Lawrence Heights

Nagsimula na nang trabahuin ng Toronto Community Housing ang Lawrence Heights bilang kasunod na malakihang pagpapanibagong-unlad. Ang pagpapanibagong-sigla rito ay muling magtatayo ng 1,208 na tahanang pauupahan ayon sa kita ng 3,500 maninirahan sa mahigit 24.28 ektarya ng lupa.

Ang pagpapanibagong-sigla ay maglalatag ng pundasyon ng isang malakas na komunidad sa pamamagitan ng pinahusay na mga parke, mas maayos na pag-abot sa transportasyon, mga bagong koneksyon ng mga taong naglalakad sa mga kalye, dagdag na paraan ng pag-abot sa mga serbisyong pangkomunidad at panlibangan, pati na sa mga pagkakataon sa edukasyon, trabaho at pagsasanay.

Ang Lawrence Heights ay magkakaroon ng halo ng pabahay na pampubliko (social), makakayanan (affordable) at nakapresyo sa halaga nito sa pamilihan (market-priced), kapwa para paupahan at ipagbili.

torontohousing.ca

Limang nagantimpalaang ideya para gawing ligtas ang inyong komunidad

Maaaring hindi agad pumasok sa isip ang pagtuturo, cricket, mga salu-salo ng magkakapitbahay, maiikling pelikula o workshops kung pinag-iisipan ang kaligtasan ng komunidad. Subalit pinapaalala sa atin ng mga nagwagi sa ika-walong taunang Mayor's Community Safety Awards na hindi lamang pulis ang sagot sa problema ng kaligtasan ng komunidad. Ang mga gantimpalang ito na pinaunlad ng Task Force on Community Safety noong 2002, ay kumikilala ng mga proyekto na nag-aambag sa pagtiyak na ang Toronto ay magiging mas mahusay na lugar para sa pagtatrabaho, paglalaro, pag-aaral at pamamahay. Anuman sa sumusunod na limang nagwaging ideya ay maaaring gamitin ng inyong komunidad para pakilusin ang mga residente at pahusayin ang kaligtasan ng komunidad:

1. Simulan ang isang programa pagkatapos ng klase na hindi lamang leksyon sa paaralan ang itinuturo. Ang programang Higit sa Academics (Beyond Academics) ay nakakatulong sa mga bata sa mababang paaralan na nahihirapan sa mga isyung may kaugnayan sa academics at sa asal o pag-uugali sa komunidad ng Glendower.

2. Magpakilala ng bagong palaro sa mga kabataan sa lokalidad. Dahil sa lumalaganap na kasikatan ng larong cricket, napagtitipon ng Central Park Youth Sports Club ang mga kabataan ng Regent Park sa isang positibong kaayusan.

3. Maghanap at magturo ng isang di pa natutuklasang taong may talino. Ang upisinang Film Stars ay nakipagtulungan sa mga lokal na community centre para turuan ang mga kabataan sa komunidad ng sining ng paggawa ng pelikula.

4. Magdaos ng salu-salo para sa inyong komunidad. Sa pagsisikap na muling itayo ang isang komunidad na naapektuhan ng mararahas na pangyayari, isang grupo ng mga residente ang nag-organisa ng Lawrence Heights Friday Night Café, isang serye ng lingguhang pagsasalu-salo ng mga pamilya't magkakaibigan.

5. Maglinang ng mga workshop na nakapokus sa usapin ng kaligtasan at imbitahan ang inyong komunidad. Nilikha ng University Settlement ang Safe Community Initiative. Apat na pagtitipon/aktibidad na nakapokus sa kaligtasan ng komunidad ang ginanap sa isang komunidad sa dulong kanluran ng Toronto.

Bawat isa sa nagwaging proyekto ay nakatanggap ng sertipiko ng pagkilala, na nilagdaan ni Mayor David Miller, at isang $1,000 na salaping gantimpalang donasyon ng Bell Canada para tulungan ang mga nakatanggap nito na maipagpatuloy ang kanilang sinimulang gawain. Ang nominasyon para sa ika-siyam na taunang Mayor's Community Safety Awards ay bubuksan sa bagong mga proyekto sa susunod na taglagas.

toronto.ca/safetyawards

25 taon ng pagliligtas ng buhay

Taun-taontumatanggap ang Emergency Medical Services (EMS) ng mahigit sa 235,000 tawag mula sa mga residente at bisita na nahaharap sa emerhensyang medikal. Noong Oktubre 2009, ipinagdiwang ng Toronto Advanced Life Support Paramedic Program ang ika-25 anibersaryo nito sa Toronto. Sa mga panauhin dito, sinabi ni EMS Chief Bruce K. Farr, "Dalawampu't limang taong nakaraan nang ako'y saksi sa bagong panahon sa industriya ng ambulansya. Umunlad ang serbisyong ito para dalhin ang emergency room ng ospital sa mga tahanan at lansangan ng Toronto."

torontoems/ca

TPS links

Magpalista para laging may impormasyon tungkol sa inyong komunidad.

Ang TPSlinks ay isang bagong automated na sistema ng pagdadala ng balita sa komunidad na naghahatid ng mahalagang impormasyon sa mga residente at may-ari ng negosyo sa loob ng Lungsod ng Toronto. Pinatatakbo ng Toronto Police Service, ang TPSlinks ay gumagamit ng makabagong mga programa para magpadala ng impormasyon sa partikular na mga erya. Ang mga residente at negosyo na nagsuskribe sa serbisyo sa isang lugar ay makakatanggap ng mga mensahe mula sa Toronto Police Service kung naaangkop.

Maaaring kasama sa mga mensahe ang imormasyon tungkol sa espesyal na mga pangyayari, pulong pangkomunidad, pagsara ng mga kalye, ng mga paaralan, balita tungkol sa mga kritikal na insidente, balita tungkol sa ebakwasyon o suspisyosong mga tao. Ang mga mensahe ay inihahatid ng mga pulis mula sa mga lokal na dibisyon ng Toronto Police Service sa pamamagitan ng tawag o text.

Sa pahina para sa pagpapatala, ang mga miyembro ng komunidad ay maaring gumawa ng kanilang paglalarawang buhay (*user profile*) tumutukoy sa mga tipo ng mensaheng nais nilang matanggap at nagbubukod sa mga hindi nila gusting matanggap. Maaari din nilang tukuyin kung sa anong anyo nila nais matanggap ang mga mensahe – sa pamamagitan ng tawag o elektronikong text. Ang mga miyembro'y maaaring magpalit ng kanilang larawang buhay o magtigil ng kanilang suskripsyon kahit kailan.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa TPSlinks o para magpatala, sadyain ang aming web page.

tpslinks.ca

Tagumapay ang Toronto Civics 101

Ang web page ng Toronto Civics 101 ay nagbibigay na ngayon ng panimulang impormasyon tungkol sa pagdedesisyon, pinansya, eleksyon at pagpaplano ng Lungsod. Nitong nakaraang taglagas, 175 na taga-Toronto ang dumalo sa anim na sesyon para pag-aralan ang kanilang pamahalaang Lungsod. Maaari na ngayong pakinabangan ang mga video, presentasyon at pambungad na mga babasahin o impormasyon mula sa serye para suportahan ang pag-aaral sa internet/online. Sa 2010, ilalagay ang mga bagong material, at mapapadali para sa publiko ang pag-unawa at pagtulong sa pghuhubog ng kanilang kapitbahayan, komunidad at lungsod.

Para sa impormasyon tungkol sa Toronto Civics 101, konsultasyon sa Lungsod, mga pagtatagpo o pulong sa publiko, sadyain ang web page ng Lungsod para sa pakikipag-ugnayan sa mga residente't negosyo.

toronto.ca/civic-engagement
o tawagan ang 311

E-updates / Twitter – Sumuskribe sa e-updates para makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga programa, servisyo at inisyatiba ng Lungsod ng Toronto

Kasama sa mga kasalukuyang e-updates na nariyan para sa suskripsyon ang Celebrate Toronto!, City Update –ang e-newsletter ng Lungsod ng Toronto, impormasyon tungkol sa pagbibisikleta, impormasyon tungkol sa emerhensya at malalaking insidente, at mga balita. Mananatiling kompidensyal ang inyong e-mail address at hindi gagamitin para sa anumang ibang dahilan. Para sumuskribe, sadyain ang toronto.ca/e-updates. Balikan para sa mga dagdag na listahan. Maaari din ninyong sundan ang Lungsod sa Twitter sa twitter.com/TorontoComms.

Lumalaki at humuhusay ang Toronto Reference Library

Bilang kaisa-isang aklatang sanggunian para sa publiko at pinakamalaki sa 99 na sangay ng aklatang publiko ng Toronto na may higit sa isang milyong bisita taun-taon, ang Toronto Reference Library ay isang mahalagang rekurso na magagamit ng lahat sa Toronto.

Lumalaki at humuhusay ngayon ang Toronto Reference Library. Higit pang maaabot ang mga importanteng koleksyon at impormasyon at magkakaroon ng pinalaking ispasyo para sa pag-aaral. Nagbukas nitong taglagas ang Bram & Bluma Appel Salon, isang makabagong lugar para sa mga pagtitipon/palabas.

"Ang aklatang ito ay isang dakilang sisdlan ng kaalaman," sabi ni Rt. Hon. Adrienne Clarkson, dating Governor General ng Canada. "Masasaliksik ninyo ang papel ng Governor General dito, tulad ng kagagawa ko lamang, o maaari kayong bastang pumasok lamang, maglibot at tingnan kung anong nilalaman nito."

Ang pagpapanibagong sigla na may halagang $34-milyon ay ginagawa ng yugtu-yugto at mananatiling bukas ang aklatan sa panahon ng mga pagkukumpuni't pagbabago. Ang proyekto ay pinopondohan ng Lungsod ng Toronto ($14 milyon), na suportado ng Pamahalaan ng Ontario ($10 milyon), Pamahalaan ng Canada ($3 milyon) at ng *re:vitalize - Toronto Reference Library Campaign* ng Toronto Public Library Foundation, isang kampanya ng pribadong sector sa pagbubuo ng pondo na inilunsad noong tagsibol ng 2009.

torontopubliclibrary.ca
revitalizeTRL.ca
o tawagan ang 416-393-7131

Kuwento ng tagumpay: Mula Lansangan Tungo sa Tahanan

Ang programang Streets to Homes ay nagbibigay ng masinsinang suporta sa pangangasiwa sa mga kaso ng pagtulong sa mga tao na lumipat sa pabahay ang direkta mula sa lansangan. Ipinapakita ng pananaliksik at karanasan na ang mga indibidwal na dating walang tirahan, kahit yaong may kumplikadong mga isyung mental at sa pagkasugapa (addiction), ay matagumpay na makakapagmantini ng pabahay kkung may tamang suporta. Ito ang batayan ng paraang Housing First, na siyang pundasyon ng lahat ng serbisyo at programa para harapin ang kawalang tirahan at pabahay sa Toronto.

Mahigit 2,800 katao ang natulungan na ng inisyatibang ito at ang karamihan ay nananatili sa kanilang bagong tahanan. Oras na nasa pabahay na may suporta ang mga tao, ang katangian ng kanilang pamumuhay ay umuunlad. Nag-uulat sila ng napabuting kalusugang pisikal at mental, pakiramdam ng seguridad, mas mainam na pagkain, pagbawas sa gamit ng alkohol at droga, at mas positibong pananaw sa kinabukasan.

Hindi lamang nagpapabuti sa buhay ng mga tao ang pabahay, isa rin siyang di-magastos na solusyon sa kawalang tirahan. Sa sandaling maibahay ang mga tao, nababawasan ang kanilang paggamit ng mh=ga serbisyong pang-emerhensya, at nagsisimula silang gumamit ng mas angkop na serbisyong pangkalusugan at pangkomunidad para matugunan ang kanilang pangangailangan. Ang natitipid sa ibang serbisyo (emergency room sa ospital, ambulansya at serbisyo ng pulis) ay nakakatulong nang malaki sa pagtitipid sa halaga ng programang Streets to Homes.

toronto.ca/housing

Badyet 2010 – Pinakamababang buwis, walang-tatalong serbisyo, dakilang lungsod

Nagsalita si Mayor David Miller ng Toronto sa pulong ng Budget Committee noong Pebrero 16, kung saan ang inirerekomendang Badyet sa Operasyon 2010 ay ipinakilala ng City Manager at Chief Financial Officer. Nasa ibaba ang halaw mula sa mga sinabi ng Mayor, kasama ang pangunahing sampung datos niya tungkol sa badyet na dapat malaman ng lahat ng residente at negosyo.

"Ang badyet ng Toronto ay hindi lamang isang balance sheet. Ito'y balangkas na ginagamit natin para ipatupad ang maraming programa at serbisyo na nagpapanatiling matitirhan at masagana ang Lungsod na ito, at naghahain ng oportunidad para sa sa bawat residente nito.

Sa darating na mga lingo, walang dudang magkakaroon ng maraming diskusyon tungkol sa badyet na ito at sa pinansya ng ating Lungsod.

Dapat isaalang-alang ng anumang diskusyon tungkol sa badyet ng Lungsod ang sumusunod na mga datos:

1. Toronto ang may pinakamababang buwis sa pag-aaring residensyal sa buong GTA.

Habang naniniwala akong ang iminungkahing dagdag na $93 bawat taon (sa karaniwan) ay makatarungan at katamtaman, ang totoo'y kung nakatira kayo sa isang condominium o bahay sa lungsod na ito, mababa pa rin ang inyong babayarang buwis sa pag-aaring residensyal kung ihahambing babayaran ninyo para sa pag-aaring may katulad ding halaga sa ibang lugar sa GTA.

Noong 2009, ang karaniwang bahay sa Toronto ay may nakatayang halaga na $387,680.

Ang may-ari ng bahay na ito sa Toronto ay nagbayad ng $2,334 na buwis sa pag-aaring residensyal sa Lungsod – may $6.39 bawat araw.

Kung ang bahay mismo na iyon ay nasa Mississauga, ang may-ari ay nagbayad ng $2,559 na buwis sa pag-aari – $225 mahigit. Kung nasa Markham naman itong bahay na ito, ang may-ari ay nagbayad ng $3,037 – $703mahigit – at kung nasa Vaughan naman ang dati pa ring bahay sa Toronto, ang may-ari ay nagbayad ng $3,314 na buwis sa pag-aari – halos $1,000 mahigit.

Malinaw ang mga datos. Kung may-ari kayo ng bahay o condo sa Toronto, mas mababang buwis sa pag-aaring residensyal ang binayaran ninyo noong 2009 kaysa kung nasa ibang munisipalidad kayo sa GTA.

2. An gating lungsod ay isang mahabaging komunidad kung saan nagtutulungan at sumusuporta sa isa't isa ang mga tao sa panahon ng kagipitan.

Noong nakaraang taon, ang pamahalaang ito, bilang bahagi ng programang Toronto Helps, ay naglunsad ng serye ng mga hakbang na naglalayong makatulong sa mga tao na makapanatili sa kanilang tirahan at maghanap ng trabaho.

Mas maraming matatanda at taong may kapansanan ang ating tinulungan sa pamamagitan ng mga programa para umasiste sa pagbabayad ng buwis sa pag-aari.

3. Ibinaba ng pamahalaang ito ang buwis sa negosyo nang mahigit $190 milyon mula 2006.

Kung ang mga hakbang na inirekomenda sa badyet na ito ay papasa, ang halagang ibababa ay maaaring lumaki pa ng lampas sa $250 milyon.

4. Kami'y kumikilos para pasiglahin ang ekonomya sa lokal na antas.

Nitong nakaraang dalawang taon, ipinako ng Toronto ang halaga ng singil/gastos sa pagpapaunlad para matulungan ang industriya ng *construction and development*. Nangahulugan ito ng mababang gastos para sa isang sektor na negatibong naaapektuhan ng kasalukuyang resesyon.

Ang pinagsamang mga hakbang na ito ay nagpapakita ng mataas na prayoridad na inilalagay ng pamahalaang Lungsod sa pagsuporta sa negosyo at sa ating ekonomya.

Dagdag pa, ang pagkakabuo ng dalawang bagong korporasyon - Invest Toronto at Build Toronto – ay magdodoble n gating pagsisikap at magluluwal ng resultang pakikinabangan ng buong rehiyon.

5. Ang sistema ng bayad para sa paggamit ng mga programa ng Toronto ay sumasaklaw lamang sa bahagi ng gastos na dala ng paghahatid ng serbisyo.

Sa katunayan, ang mga bayad para sa palibangan ay sumasaklaw lamang sa 30 % ng gastos para sa halaga ng pagpoprograma.

Isang katotohanan na ang mga singil ng Toronto ay halos tulad lamang at hindi nalalayo sa singil ng mga karatig-lungsod.

Bagamat ang mga bayad sa paggamit ay bumubuo ng 15 % lamang ng kabuuang kita ng Lungsod, kung wala itong halagang ito'y hindi makapaghahatid ang Lungsod ng mga programa na nagbibigay sa Toronto ng katangian nito bilang isang dakilang lungsod.

6. Ang badyet ngayong taon, tulad ng sa nakaraan, ay may kasamang pagpigil sa gastos, mga kahusayan, pagwawasto sa mga antas ng serbisyo habang tinitiyak na ang mga residente ay patuloy na tumatanggap ng mga programa at serbisyong inaasahan nila.

Ngayong taon, ang pagkontrol sa pasahod ay natamo sa pamamagitan ng kasunduan matapos ang welga ng mga empleyado ng Lungsod. Kasama rito ang mga pagtaas sa sahod na mas mababa kaysa sa hinihiling bago maganap ang welga, at matagumpay ding nabawi ng Lungsod ang benepisyo sa pagkakasakit na 50 taon nang nasa kolektibong kasunduan.

Dagdag pa, makatitipid sa gastos nang tuluyan ang Lungsod gawa ng pagrerenda sa sahod ng management at ng mga wala sa unyon.

Ang badyet ng 2010 ay balansyado sa pamamagitan ng maingat at mapagtimping pangangasiwa, pagrerenda sa sahod (na nagluwal ng surplus mula 2009 at nagbigay daan sa pagbabalanse natin sa 2010) at sa pamamagitan ng 4 % pagtaas sa buwis na residensyal at 1.3 % pagtaas sa buwis sa pag-aaring negosyo. Ang mga bayad sa paggamit ng mga programa at pagtaas ng pamasahe sa TTC ay nakapag-ambag din sa pagbabalanse ng badyet, tulad din ng pagpasa sa pamahalaang pederal, dalawang taon nang nakaraan, ng ilang responsibilidad sa pinansya na sinimulan.

7. Patuloy ang hamon sa Lungsod ng problema sa pinansya.

Isang katunayan na kailangan ng Lungsod ang probinsya para maibalik sa dati ang tuluy-tuloy na pagpopondo sa pagtakbo ng transportasyong publiko – isang sistema na ilang dekada nang nasa lugar bago pa maganap ang amalgamation.

Kakatulungin natin ang Probinsya ng Ontario para makabuo ng Toronto-Ontario Partnership Agreement pagdating ng Disyembre 1, 2010 para mabigyan ang Lungsod ng permanenteng pondo para sa operasyon ng transportasyong publiko, simula sa piskal na taong 2011.

Napakahalaga ng transportasyon para pondohan lamang ng pansamantala, pangkatapusan-ng-taon o minsanan lang na pondo, at ang TTC ay napakahalaga sa kinabukasan ng Toronto para hayaan itong magdusa dahil sa di-tiyak na pondo taun-taon.

8. Ang Lungsod ay gumawa na ng mga hakbang para bigyan pa ng mas mahabang panahon ang pagbabayad ng bahagi ng utang nito.

Ang pagsasaayos na ito ng pagbayad sa utang ay nakapagbawas sa halaga ng gastos natin sa badyet sa operasyon nang $33 milyon ngayong taon lang.

Ang estratehiyang ito ay nagbibigay sa Lungsod ng pleksibilidad na kailangan nito para harapin ang hamon sa atin ng badyet sa operasyon at mantinihin pa rin ang magandang rekord ng Lungsod sa pangungutang.

9. Hindi kasama sa badyet ang pagbebenta ng anumang pag-aari ng lungsod.

Anumang inisyatibang ganito ay dapat lamang pag-isipan kung nasa ikabubuti ng pangmatagalang interes ng Lungsod ng Toronto, at hindi dapat gamitin para pondohan ang anumang kakulangan sa badyet sa operasyon.

10. Hindi kayo maaaring magkaroon ng dakilang lungsod nang walang gastos.

Sinumang magsasabi sa inyo na kaya nilang ipako o bawasan ang inyong buwis at makapagbibigay ng mahalagang mga serbisyong inaasahan natin 24 oras tulad ng:

- Pagtulong sa pinakabulnerable sa ating hanay
- Transportasyong publiko
- Serbisyong pang-emerhensya
- Ligtas na mga komunidad kung saan pababa ang tantos ng krimen
- At pagprotekta sa kapaligiran

… ay hindi ipinagtatapat sa inyo ang buong kuwento.

Iyon ang aking sampung datos kaugnay ng badyet. Ang dalawang pinakamahalaga ay ang una – nasa atin ang pinakamababang buwis sa pag-aaaring residensyal, at ang huli – walang dakilang Lungsod nang walang gastos.

Ito ang taon para isaisip ang datos na ito habang nakikinig sa debateng magaganap.

Ito ang mga datos na dapat isaisip habang nagtatanong tungkol sa badyet at pinansya ng Lungsod.

Sa pagbubuo ng dakilang lungsod, kailangan ng komitment, pagtutulungan at sakripisyo – mula sa ating lahat.

Patuloy na pribilehiyo kong maging saksi sa malalaking bagay na natatamo kung lahat ng mga katangiang ito ay nagsasama-sama.”

Staff Recommended 2010 Operating Budget

Saan Nanggagaling ang Pera

39% ($3.558B) ng Inirekomendang Badyet sa Operasyon 2010 na $9.203B
Pinondohan ng Buwis sa Ari-arian



TORONTO

*Municipal Land Transfer Tax/Personal Vehicle Tax

**Kasama sa iba pang kita: upa sa mga ari-arian, kita mula sa interes, kita mula sa pamumuhunan, donasyon, kontribusyon sa parking authority, pagtinda ng ibang materyales, pagbawi ng nawala mula sa insurance, mga multa, permit at lisensya



*Kasama sa iba pa ang: Affordable Housing Office, Court Services, Economic Development & Culture, Social Development Finance & Administration, 3-1-1 Customer Service Strategy, Policy, Planning, Finance and Administration, Technical Services, Toronto Environment Office, Waterfront

Secretariat, Office of the Chief Financial Officer, Office of the Treasurer, Facilities & Real Estate, Fleet Services, City Manager's Office, City Clerk's Office, Legal Services, Mayor's Office, Auditor General's Office, Integrity Commissioner's Office, Lobbyist Registrar, Office of the Ombudsman, Other ABC's, Non Program (Excl. Debt Charges & Community Partnership & Investment Program)

Badyet ng Lungsod 2010 Alam ba ninyo?

1.

Na ang halaga sa pagpapatakbo ng TTC ay pinaghahatian dati nang 50-50 ng Lungsod at ng Probinsya ng Ontario. Ang pagbayad para sa kapwang bahagi ng lungsod at ng probinsya sa gastos na ito ay nananatiling pangunahing isyu na nakakaapekto sa badyet sa operasyon ng Lungsod taun-taon.

2.

Na ang pasahod sa kapwang kawaning nasa unyon at wala sa unyon ay pinigilan para matugunan ang mga presyur sa badyet ng Lungsod at umayon sa kasalukuyang panahon ng resesyon. Walang tinanggap na dagdag sa cost-of-living nitong 2009 ang mga kawani sa Management at tatanggap ng dagdag na 1% sa cost-of-living sa 2010. Natamo ng Lungsod ang isang pakikipag-ayos sa unyon ng 6% dagdag sa loob ng 3 taon at pag-alis ng benepisyong sick leave na nasa kontrata nang mahigit 50 taon na.

3.

Na ang salaping natatanggap mula sa Municipal Land Transfer at Vehicle Registration Tax ay bumubuo ng maliit na bahagi lamang ng kinikita ng Lungsod subalit sapat para bayaran ang netong gastos sa pagpapatakbo ng mga programa ng Lungsod sa Emergency Medical System at Long-Term Care Homes and Services.

4.

Na habang lumalaki ang bilang ng mga tao na nasa mga programa ng probinsya tulad ng sa social assistance, gayundin ang paglaki ng gastos ng Lungsod para makapaghatid ng serbisyo. Ang mga pamantayan sa serbisyo ay itinatakda ng probinsya at dapat bayaran ng mga lungsod at bayan.

Pagpapanibago ng tumatanda nang imprastruktura ng Toronto para sa tubig

Kung binubuksan ninyo ang inyong gripo, marahil ay hindi ninyo naiisip ang mahigit sa 15,000 kilometro ng tubo sa ilalim ng lupa o ang 470,202 kuneksyon para sa serbisyo ng tubig o kahit ang 18 istasyong nagbobomba ng tubig at naghahatid ng tubig sa inyong tahanan. Subalit ang katotohanan ay malaking imprastruktura ang kailangan upang makapagsuplay ng 405,000 megalitro ng tubig na ginagamit ng mga taga-Toronto taun-taon.

Malaking isyu sa mga lungsod sa buong mundo ang pagpapanatili ng mga watermain (pangunahing daluyan ng tubig) at iba pang imprastruktura ng tubig sa mahusay na kundisyon. Nagsusumikap ang Toronto Water para kumpunihin at mantinihin ang malawak na imprastruktura ng Lungsod.

Gagawin ng Toronto Water ang mahigit 600 na magkakaibang proyekto ngayong taon, kabilang na ang:

• Pagpapalawak ng F. J. Horgan Water Treatment Plant– Ang pagpapalawak ng planta, kauna-unahan para sa isang planta ng Lungsod para sa pagpapalinis ng tubig mula mga 1960, ay magpapalaki sa kapasidad ng planta mula 570 milyong litro sa 800 milyong litro ng maiinom na tubig bawat araw.

• Paglutas sa pagbabaha ng mga silong (basement) – Papalitan nito ang mga imburnal at daluyan ng tubig sa mga erya kung saan palagian ang pagbaha sa mga silong. May inisyal na trabaho nang nasimulan at magpapatuloy ito hanggang sa susunod na 10 taon.

• Programa sa pagpapalit ng serbisyo ng tubig na gawa sa tingga – Sa pamamagitan ng programang ito, papalitan, sa loob ng siyam na taon, ang pag-aari ng Lungsod na bahagi ng mga serbisyo ng tubig na gawa sa tingga.

• Wet Weather Flow Master Plan – Sinimulan noong 2003, ang Wet Weather Flow Master Plan ay isang 25-taon na plano para bawasan at sa paglaon ay mapawi ang negatibong epekto ng ulan at yelo sa ating ecosystem at sa mga kabundukan at kagubatan.

• Pang-emerhensyang pagkumpuni ng Coxwell Trunk Sewer – Pang-emerhensyang pagkukumpuni, inspeksyon at pagtatayo ng 500-metre bypass ay ginagawa na para sa isang seksyon nitong malaking bahagi ng sistema ng imburnal ng Lungsod.

• Pagbabago ng watermain at mga imburnal – Mahigit 90 kilometro ng tumatanda nang mga daluyan ng tubig (watermains) at imburnal ang papalitan sa buong lungsod sa susunod na taon.

Ang pagpapalit at pagbabago ng imprastruktura ng Toronto Water ay pinopondohan ng kita mula sa tubig at funded through water and wastewater revenues from Toronto residents and businesses. Toronto's water rates are still lower than rates in most of our neighbouring municipalities and are in the bottom range for major cities in Canada.

toronto.ca/water/improvements

Bakit nasisira ang mga watermain?

Habang bumababa ang temperatura, ang bilang ng mga watermain na nasisira sa buong lungsod ay dumarami. Ang malalaking sira ay makakapinsala ng kalye at mga ari-arian, makakagambala ng serbisyo sa mga kostumer at mangangailangan ng magastos na pagkukumpuni.

Nakakaranas ang Lungsod ng 1,400 na pagkasira ng mga watermain taun-taon. Maaasahan ang pagkasira dahil sa pagtanda ng mga tubo. Karaniwang may 55 taong gulang na ang mga tubo sa ilalim ng lupa ng Toronto years of age at 6.5 porsyento ay lumampas na sa ika-100 taon.

Isa sa pangunahing dahilan ng pagkasira ng metal na watermain ay ang pagka-agnas nito sa labas dala ng kemikal o elektrokemikal na reaksyon sa nakapaligid na lupa. Ang pagka-agnas ay lumilikha ng mga pit na nagiging mga butas sa bakal na mga tubo, na maaaring humantong sa pagtulo.

Isa pang karaniwang dahilan ng pagkasira ay ang mabilisang pagpalit ng temperatura sa taglamig. Ang mabilis na natutunaw na yelo ay makakababad sa lupa, at nakakapagpabigat dito. Pagbaba ng temperatura – sa gabi kadalasan –naninigas ang basang lupa at lumalawak, nakakapresyur sa matatanda't napahina nang mga tubo.

Ang maliliit na tubo ng watermain ay mas bulnerable sa epekto ng pag-agnas at panlabas na presyur kaysa sa mas makapal, malalaking tubo. Marami dito'y nagsisimula nang masira lalo't inilagay pa noong mga 1950 at '60.

Ano ang ginagawa ng Lungsod para lutasin ang problemang ito? Gumagastos ang Lungsod ng nasa pagitan ng $120 milyon at $160 milyon bawat taon sa mga programa ng pagpapalit at pagkukumpuni ng watermain.

Para mag-ulat tungkol sa sirang watermain, tumawag sa 311. Panoorin ang isang limang-minutong video tungkol sa pagkukumpuni ng mga watermain:

toronto.ca/water/watermain_breaks.htm

Makakatulong ang inyong Lungsod – isang taong makaraan

Ang Lungsod ng Toronto ay hindi lamang nagsalita tungkol sa pagiging komited sa pagtiyak ng kasaganahan, oportunidad at pagiging magandang tirahan para sa lahat ng residente nito sa panahon ng resesyon. May ginawa ito tungkol doon.

Ang programang "Your City Can Help," na inilunsad noong Pebrero 2009, ay nagkaroon ng epektong nakakapagbagong-buhay ang libu-libong residente't pamilya na nahaharap sa kawalang-trabaho, pagpapatalsik sa bahay at kawalan ng tirahan. Kasama sa mga programa ng pang-asiste nito ang sumusunod:

- bagong mga programa sa pautang para sa depositong upa at alawans sa pabahay
- pagpapalawak ng serbisyo ng mga nagtatrabaho sa bahay at mga nars
- mura at masustansyang pagkain para sa mga matatandang mababa ang kita
- may 1,636 murang bahay na iminumungkahi ng Sangguniang Lungsod na pondohan
- pinalawak na programa ng pagkansela sa buwis sa pag-aari at pagpapaliban ng pagtaas ng buwis para sa matatandang karapatdapat at sa mga residenteng may kapansanan
- bagong serbisyo sa paghahanap ng trabaho sa Metro Hall at hospitality program na alok ng YMCA
- bagong seksyon sa website na pinamagatang "Career and Job Search Help at Toronto Public Library" na tumutulong sa paghahanap ng mga aklat, mga programa at rekursong online na nasa isang lokasyon
- pagbigay ng Gold Star Services sa 61 negosyo/proyekto na may puhunang halaga ng halos $2.4 bilyon, na may mga 22,000 trabahong napanatili o nalikha.

toronto.ca/torontohelps

Bagong programa ng Lungsod para sumuporta sa mga organisasyong non-profit

Ang bagong programa ng Lungsod para sa Competitiveness, Creativity and Collaboration (CCC) Investment ay nagbibigay ng suporta sa mga organisasyon ng negosyo na non-profit. Ang programa ay dinisenyo para magpasigla ng pagsulong ng ekonomya sa pamamagitan ng pagpopondo ng mga proyekto hanggang $50,000 na lilikha ng mga trabaho, dadagdag sa aktibidades na pang-ekonomya at aakit ng bagong puhunan na lilikha ng mga trabaho, magpaparami ng pang-ekonomyang aktibidad at aakit ng bagong puhunan.

Ang CCC Investment Program ay magbibigay ng suporta sa anyo ng grants sa walong organisasyon. Maaring makinabang sa programa ang mga incorporated na organisasyong non-profit o asosasyong may mga proyekto na gagawin sa loob ng lungsod. Para matanggap at makonsiderang pondohan, dapat magsumite ng pormal na proposal at aplikasyon ang mga interesadong organisasyon.

Ang CCC Investment Program ay pangangasiwaan ng Economic Development & Culture Division taun-taon. Ang mapipiling proposal ay irerekomenda sa Sangguniang Lungsod para aprubahan sa Hulyo. Ang maaaprubahang aplikante ay dapat kumumpleto ng kanilang proyekto at magsumite ng nakasulat na ulat sa katapusan ng kasunod na taon.

toronto.ca/grants
o tumawag sa 416-392-1820
o mag-e-mail sa ccc@toronto.ca

Kampanya para dagdagan ang bilang ng kababaihan sa mga pwesto sa munisipyo

Naglunsad ng ikalawang taunang Toronto Regional Champion Campaign noong Oktubre 2009 sina Mayor David Miller at lahat ng 10 kababaihang konsehal ng Toronto para makatulong sa pagdagdag ng partisipasyon ng kababaihan sa mga pwestong inihalal. Ang bagong programang ito ay nagtatambal ng 16 kabataang kababaihan sa mga kababaihang konsehal ng Lungsod na gaganap na tagapayo upang ipakita ang trabaho ng konsehal at magbigay ng aktwal na karanasan sa kanila.

Nagbibigay ng praktikal na payo sa mga kababaihang nais mahalal sa isang pusisyon ang *The Election Toolkit for Women: The Candidates Guide for Municipal Elections.* Makikita ninyo ang Election Toolkit mula sa mga 'related sites' sa Regional Champions web page sa ibaba..

Gaganapin ang eleksyong munisipal sa Oktubre 25, 2010.

toronto.ca/regional-champions/index.htm
toronto.ca/elections

Wheel-Trans: Isang kumpletong serbisyo

Wheel-Trans ang serbisyong door-to-door ng Toronto Transit Commission para sa mga taong may pisikal na kapansanan na pinakahirap sa paggamit ng kumbensyonal na serbisyo ng transportasyon. Angn serbisyo'y gumagamit ng mga bus at kinokonntratang mga taxi.

Ang mga bus nito'y mababa ang floor at may rampa para sa mga wheelchair, napapadali ang pagsakay dito ng mga kostumer na limitado ang pagkilos kung ihahambing sa streetcar, mga bus at subway.

Bago sinimulan ang serbisyong Wheel-Trans, maraming taong may kapansanan ay walang ibang mapagpilian kung sila'y bibiyahe. Ang pagpapakilala ng Wheel-Trans ay nagbigay ng pagkakataon sa mga taong gumagamit ng wheelchair, halimbawa, na bumiyahe at tamasahin ang pang-araw-araw na aktibidad.

Nang magsimula ang Wheel-Trans, 48 indibidwal lamang ang rehistradong gumamit ng serbisyo. Ngayon nagseserbisyo ang Wheel-Trans sa halos 60,000 rehistradong kostumer. Mayroong 280 operator, gayundin ang 176 at 168 na medaling maabot na mga taxi sa Wheel-Trans fleet. Serbisyo'y Lunes-Biyernes mula 6 a.m. hanggang 1 a.m.; Sabado, Linggo at holidays mula 7 n.u. to 1 n.h.

Ang pagiging karapatdapat ay batay sa kalagayang pisikal at pagiging makilos ng tao, hindi sa pangkalahatang kalusugan, kita o partikular na kapansanan. Lahat ng aplikante ay tinatasa ang kalagayan sa pamamagitan ng personal na interbyu.

Maaari ding mag-book ng biyahe araw-araw mula 7 n.u. to 11 n.g. Ang online trip booking ay relatibong bagong likha para maiwasan ng kostumer ang paghihintay sa telepono nang matagalan. Manaari kayong magrehistro sa kanilang website.

Para sa dagdag na imppormasyon, tumawag sa Wheel-Trans Customer Service at 416-393-4111 o sa TTY Line for deaf/hearing impaired sa 416-393-4555.

ttc.ca
mywheel-trans.ttc.ca

al.

Lupon ng Toronto nagpapatupad ng pamantayan sa mga apartment

Inilunsad ng Lungsod ng Toronto ang unang programa nito sa pagtitiyak na nasusunod lahat ng pamantayan sa mga gusaling apartment noong December 1, 2008. Ang target ay magsagawa ng inspeksyon at aksyon ng pagpapatupad sa 186 ng lahat ng gusaling paupahan sa Lungsod sa loob ng unang taon ng programa nito; ito'y para tiyaking lahat ng gusaling apartment ay namamantini sa antas at kalidad na itinakda ng tuntunin ng Lungsod para sa pamantayan sa pag-aari.

Sa ngayon, ang 15-kataong lupon ay nakapag-odit na ng 188 gusali. Nakapalabas na ang mga kawani ng mahigit 1,027 kautusan at nakapagtukoy ng higit sa 10,496 kakulangan sa mga gusaling iyon. Dumami ang bilang nito mula sa 17 kautusang inilabas at 47 kakulangang tinukoy sa 14 na pag-odit ng gusali na ginawa mula enero hanggang Nobyembre 2008.

Nakapokus ang odit sa mga eryang pangkaraniwan tulad ng garahe, balkonahe, hallway o daanan at bakuran sa labas. Saklaw din ang mekanikal, sistema ng heating at mainit na tubig, at kasama ang inspeksyon ng ilang yunit ng apartment.

Sa ilang kaso, alam ng mga kasero na iinspeksyunin ang lugar nila, kaya maaari na nilang simulang ayusin ang maraming kakulangan bago mag-inspeksyon ang lupon. Sa mga mensahe, pinupuri ng mga nangungupahan at mga kasero ang propesyunalismo ng mga kawani ng Lupong Tagapag-Odit habang isinasagawa ang kanilang tungkulin.

Makikita online ang impormasyon tungkol sa programa at ito'y binabago nang lingguhan para sa bagong balita o impormasyon. Mayroon ding impormasyon sa kung paano magdulog na reklamo tungkol sa inyong gusali.

toronto.ca/licensing/mrab.htm

Mahalaga ang pagiging handa para sa kagipitan

Ang lahat ng tao ay kailangan gumawa ng plano upang maging handa kung sakaling magkaroon ng kagipitan.

Ang isang *emergency kit* na may lamang sapat na pagkain, tubig at mga gamit na tatagal nang di-kukulang sa 72 oras ay kinakailangan.

Sa paghahanda ng inyong kit, isipin ang mga espesyal na pangangailangan ng mga sanggol, matatanda at mga miyembro ng pamilya na may partikular na pangangailangan sa pagkain. Dapat din ay may lamang mga materyales para sa *first aid* at mga gamot and inyong emergency kit. Gumawa ng kopya ng lahat ng inyong mga mahahalagang dokumento – insurance, papeles hinggil sa mga ari-arian at mga reseta. Lubhang mahalaga ang flashlight, radyong portable, de-bateryang relo, mga baterya, posporo at mga kandila. Kakailanganin din ninyo ang cell phone o isang de-kableng teleponong may isang linya lamang. Ang mga walang kawad na telepono ay hindi gagana kung walang kuryente.

Mabibigyang-proteksyon kayo at ang inyong pamilya ng insurance sa bahay o sa apartment sa pamamagitan ng pagpapalit o pag-aayos ng mga ari-ariang nasira sa isang malaking sakuna,tulad ng sunog o pagsabog. Kung nasasaklawan, maaaring rin bayaran ng insurance sa bahay ang pagkasirang may kinalaman sa tubig dulot ng mga nagbabarang imburnal/padaluyan. Kung kayo ay mapilitang umalis sa inyong bahay o apartment habang inaaayos ito, maaari ring bayaran ng insurance ang inyong mga gastos sa pamumuhay. Kung wala kayong insurance sa bahay o apartment, ang lahat ng mga gastos na ito ay babagsak sa inyo.

Sa panahon ng kagipitan, sundin ang mga tagubilin nga mga kawaning pangkagipitan ng City of Toronto. Sumubaybay sa radyo o telebisyon at huwag lumabas ng tahanan, liban lang kung sabihan ng mga opisayles na pangkagipitan. Mantili sa loob kung saan mainit at mayroon kayong mga kagamitan.

Bigyan ng panahon ang pagiging handa.

toronto.ca/oem

Toronto Challenge

Ngayon na ang panahon upang magsanay para sa Toronto Challenge, ang nangungunang aktibidad na pang-ipon ng pondo para sa mga matatanda. Sa Linggo, Hunyo 13, maaari kayong sumali sa 5-kilometrong lakad, 5-kilometrong takbo o 1-kilometrong lakad.

Maraming paraang makilahok bukod sa pagtakbo o paglalakad sa araw ng karera tulad ng pag-aambag ng suporta sa isang nakikilahok o kusang pagbibigay ng inyong panahon sa simulaing ito. Ang mga pondong malilikom sa Toronto Challenge ay magpapabuti sa kalidad ng buhay ng mga matatanda sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga programa sa komunidad na nagtataguyod ng malayang pamumuhay (pamumuhay nang di palaasa sa iba) at suporta sa tahanan, at sa mga Toronto Long-Term Care Homes and Services.

toronto.ca/challenge

Paunawa sa mga nagmamay-ari ng negosyo: Ang bagong tuntunin hinggil sa pag-uulat at paghahayag ukol sa mga kalagayan sa kapaligiran ay nagkabisa simula Enero 1

Ang Environmental Reporting and Disclosure Bylaw (Municipal Code 423) ay nasimulang magkabisa noong Enero 1. "Ang tuntuning ito ay naglalayong pangalagaan ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga nakalalasong kemikal sa ating kapaligiran," ayon kay Dr. David McKeown, ang Medical Officer of Health ng Toronto.

Ang tuntuning ito ay bahagi ng bagong programa ng City na tinanatawag na ChemTRAC, na nag-aatas sa mga nagmamay-ari ng mga negosyo na subaybayan at mag-ulat tungkol sa paggamit nila ng mga nakalalasong kemikal. Chem TRAC ay magbibigay-suporta rin sa mga lokal na pasilidad na may berdeng estratehiya sa negosyo (green business strategies), at magbibigay sa mga residente ng impormasyon tungkol sa mga nakalalasong kemikal sa kanilang komunidad.

Ang mga negosyo sa Toronto ay maaaring sumadya sa web page upang malaman:

• kung ang kanilang pasilidad ay apektado ng tuntunin

• and mga huling araw para sa pag-uulat ng impormasyon sa City

• kung paano sila matutulongan ng Toronto Public Health na sumubaybay at mag-ulat ng mga kemikal, at

• kung paano nila mababawasan ang mga kemikal at humanap ng ibang paraang pangalagaan ang kapaligiran.

toronto.ca/chemtrac
o tumawag sa 416-338-7600

Nagre-recycle ang mga residente ng apartment at condominium

Naglunsad ang Lungsod ng ilang inisyatiba sa pagtatapon ng basura para sa mga residenteng nakatira sa mga apartment at condominium.

Isang 2010 Recycling Calendar ang inihatid na sa lahat ng yunit ng apartment at condo. (Mahigit 500,000 kalendaryo!) Tampok sa kalendaryo ang impormasyon tungkol sa recycling at wastong paraan ng pagtapon ng basura.

Libreng panloob na mga sisidlan para sa recycling ang inialok sa mga may-ari sa bawat yunit ng gusaling apartment o condo. Ang mga sisidlan ay idinisenyo para maging madali sa mga residente na mag-recycle. Ginagamit ng mga residente ang kanilang panloob na sisidlan para kolektahin ang kanilang mga bsali para sa recycling.

Ang Lungsod ay nagrerekluta, namimili at nagsasanay din din ng 3Rs Ambassador Volunteers. Sila ay maglilinang at magpapatupad ng isang kampanyang pang-edukasyon para sa pagtatapon ng basura naaayon sa kanilang gusaling tirahan. Upang malaman kung paano kayo maaaring maging 3Rs Ambassador Volunteer, sadyain ang toronto.ca/3rs o tawagan ang 311.

Ang koleksyon ng mga organiko (berdeng sisidlan) ay ipinakikilala sa lahat ng apartment at condo. Humigit-kumulang 30 porsyento (ayon sa bigat) ng basurang dinadala sa tambakan ay organikong materyal. May 200 iba't ibang gusaling tirahan na nasa programa na ngayon. Gagawin ito sa lahat ng mga gusaling tirahan sa loob ng darating na dalawang taon.

toronto.ca/recycle
o tumawag sa 311

Nasa bagong online Waste Wizard ang mga kasagutan

Alamin kung ano ang gagawin sa inyong basura.

Ang website ng Lungsod ay may bagong online search tool – ang Waste Wizard – upang tulungan kayong malaman kung anong dapat gawin sa inyong basura. Aling bin ang pagtatapunan nito? Ito ba ay basurang bahay na mapanganib? Ano ang gagawin ko kung hindi ito dapat itapon sa bin?

Sa kabila ng pagdami ng mga gamit na maaaring i-recycle, mayroon pa ring mga plastik at bakal na kagamitan na kasalukuyang hindi pa kayang i-recycle ng Toronto. Ang mga malinaw na plastik na lalagyan ng pagkain at propane cylinders ay tiyak na HINDI maaari.

Natutuwa kaming masigla kayo tungkol sa pagre-recycle pero kung hindi niyo ito gagawin nang wasto, binabahiran nito ang stream ng pagre-recycle, sinisira ang kagamitan at maaaring magsanhi ng pinsala sa lugar ng paggawa.

toronto.ca/recycle
o tumawag sa 311

Pagtataboy ng paninigarilyo mula sa mga palaruan

Bawal manigarilyo sa loob ng 9 metro o 29.5 talampakan mula sa palaruan

Hindi pinapayagan ang paninigarilyo sa mga palaruan ng Toronto. Ipinagbabawal ng bagong tuntuning ito ang paninigarilyo sa loob ng siyam na metrong layo:

- Sa paligid ng anumang pangkaligtasang sapin sa palaruan o gamit sa palaruan
- Sa paligid ng basin ng mga tampisawan o pangkaligtasang sapin sa mga tampisawan.

Ang pagbabawal ay ipinapatupad rin sa anumang lugar sa High Park Zoo at alinman sa mga alagaan ng hayop na pinangangasiwaan ng Parks, Forestry and Recreation.

Ipinapakita ng bagong mga pag-aaral na ang paglanghap ng second-hand smoke ay maaaring makaapekto sa atensyon at pag-uugali ng mga bata. Ang mga maliliit na bata ay maaaring walang kakayanan na lumayo (kung nasa *stroller*, *swing* o saradong padulasan) mula sa isang taong naninigarilyo malapit sa kanila.

May mahigit 800 palaruan sa mga parke ng Toronto at ang bagong tuntuning ito ay magreresulta sa mas ligtas na mga lugar ng paglalaro para sa mga bata sa buong siyudad.

toronto.ca/parks

Tumulong sa pagbuo ng isang dayaming kusina sa High Park

Ang Children's Teaching Kitchen sa High Park ay bubuuin gamit ang mga retasong dayaming nilagyan ng plaster (plastered straw bale walls) at mga tinambak na materyales na makukuha sa paligid o lokalidad. Ang mga retaso ay pagpapatung-patungin sa loob ng isang balangkas upang lumikha ng malakas at maayos na naka-insulang mga dingding.

Ang dayaming istruktura, na nagtatampok ng pinakamahusay sa disenyo ng isang "berdeng" gusali, ay magsisilbing isang masiglang espayong pangkomunidad para sa programang paghahalaman at pangkalikasan ng mga bata, mga klase sa pagluluto, mga gawaing pangkomunidad at mga pag-aaral tungkol sa enerhiyang may pagsaalang-alang sa kapaligiran o *green energy*.

Hinihikayat ng Lungsod, sa pakikipagtulungan sa Toronto Parks and Trees Foundation, ang mga residente na tulungan kaming buuin ang kusina sa pamamagitan ng 'pagkupkop sa isang retaso ng dayami'. Ang mga pondong malilikom ay gagamitin upang mabigyan ng mga programang pangkalikasan ang mga bata at ang komunidad. Ang lahat ng donasyon ay maaaring bigyan ng resibo para sa buwis.

toronto.ca/parks/programs/children
or call 416-338-5055

Mga kampuhan sa tag-araw (*summer camps*)

Mayroong kampuhan sa tag-araw ang Lungsod para sa mga bata ng anumang edad at interes. Siguraduhing kumuha ng kopya ng FUN Guide mula sa inyong lokal na sentrong pangkomunidad o aklatan o pumunta sa internet:: www.toronto.ca/parks/camps.htm para sa listahan ng mga programa at impormasyon sa pagrerehistro

toronto.ca/parks/camps.htm

Isang tala ng mga tagumpay sa pabahay

Mahigit 5,000 katao ang lumipat sa mga bago at makakayanang tahanan sa nakaraang apat na taon, salamat sa isang malakas at epektibong tambalan. Binubuo ng City of Toronto, Government of Ontario at Government of Canada, kasama ang mga pribado at hindi pinagkakakitaang organisasyon, ang koalisyon ng pangangalaga na ito ay nakapagbukas ng pintuan para sa mas mabuting pamumuhay para sa marami.

Ipinapakita ng tsart sa ilalim ang tala ng mga tagumpay sa nakaraang apat na taon. Isinasalamin nito ang pamumuhunan ng gubyerno mula sa mga programa tulad ng Affordable Housing Program, Residential Rehabilitation Assistance Program, Homelessness Partnering Strategy at iba pa.

2006 hanggang 2009	
5,383	Bilang ng taong nakatira sa mga bagong makakayanang tahanang nilikha sa pamamagitan ng pondo mula sa City, sa probinsya at sa pederal na gubyerno
4,377	Bilang ng makakayanang tirahang inaprubahan ng City Council
2,153	Bilang ng makakayanang tirahang nabuo
$483 milyon	Halagang itinalaga ng City, probinsya at pederal na gubyerno sa makakayanang pabahay

Upang ipagpatuloy ang tagumpay na ito, pinagtibay ng City ang isang 10-taong plano sa paglikha at pag-asenso ng makakayanang pabahay – isang planong kinabibilangan ng karta ng mga karapatan sa pabahay, ang kauna-unahan para sa siyudad at sa bansa. Ang planong Housing Opportunities Toronto ay isang gabay sa pamumuhunan ng gubyerno, mga gawain ng pribado at pampublikong sektor at sa pakikilahok ng mga residente sa mahalagang trabahong paglikha ng makakayanang pabahay sa Toronto. Layunin nitong tulungan ang 257,700 sambahayan na humanap ng o manatili sa makakayanang pabahay na kinakailangan nila upang umunlad at magtagumpay. Mahigit 60,000 trabaho ang malilikha o mapangangalagaan sa buong pagpapatupad ng planong ito, na maaaring makita sa aming webpage.

toronto.ca/affordablehousing

Paboritong Katangian ng Lungsod, Paboritong Serbisyo ng Lungsod

May paborito ka bang lugar sa Toronto? Anong ang katangi-tangi dito?

Madalas akong pumunta sa Harbourfront lalo na kapag tag-araw. Marami silang mga palabas ng iba't ibang kultura doon. May palabas silang "Barbados on the Water" at sa Barbados ako nagmula. Gusto ko rin ang pwesto nito. Nakasakay na ako sa isa sa mga ferry doon para sa isang 40-minutong pasyal sa pantalan.

Mayroon bang isang serbisyo ng Lungsod na espesyal para sa iyo?

Talagang gusto ko ang Nuit Blanche. Nakatira ako sa downtown kaya pwede kong lakarin ang marami sa mga lugar na pinagdarausan nito kabilang ang Union Station. May mga kaibigan akong dumalaw dito mula sa New York at ipinasyal ko sila sa ilang mga lugar na iyon. Magandang pangyayari iyon at libre.

Trevor Best, Toronto

Mayroon ba kayong paboritong lugar sa siyudad? May isang serbisyo bang talagang nagugustuhan ninyo? Sumulat sa amin sa ourtoronto@toronto.ca

Toronto, binibigyan ng Kapangyarihan ng Sangguniang Lungsod na Mamuhay nang Berde

Puspusang pinagtibay ng Sangguniang Lungsod ng Toronto ang *The Power to Live Green*, isang mapangahas at bagong estratehiya na naglalayong ibaba ang pagsingaw ng greenhouse gas ng Toronto nang 80 porsyento mula sa dami noong 1990 pagdating ng taong 2050.

Ang estratehiyang ito – ang kasunod na bahagi ng Climate Change Action Plan ng City – ay tumatanaw ng isang Toronto na may malinis, maaasahan at makakayang bilhing suplay ng kuryente. Kung walang masaklaw na estratehiya para sa kuryente, ipinalalagay na ang mga pagsingaw ng greenhouse gas ay aabot sa 33 megatonelada sa 2050 (ihambing sa 22 megatonelada noong 1990), ang katumbas ng pagpuno sa 10,000 Rogers Centre.

Tutugunan ng The Power to Live Green ang hamon na ito sa pamamagitan ng tatlong buod na gawain:

1. Magbigay ng suporta at pinansya mula sa isang pagmumulan sa mga proyekto tulad ng pag-awdit sa kuryente at tubig sa pamamagitan ng Live Green Toronto Energy and Water Efficiency Initiative. Ang tambalan ng City, Toronto Hydro at iba pang susing maapektuhan ay makatutulong sa paglikha ng higit na kahusayan ng kuryente sa mga gusali.

2. Tulungan ang mga taga-Toronto na lumikha ng lakas mula sa hangin, araw o init ng lupa na maaaring gamitin o ibenta. Mamaksimisahin nito ang paglikha ng napapanibagong kuryente.

3. Maksimisahin ang pamimigay ng kuryente sa pamamagitan ng pagpapabuti sa imprastruktura at pagsuporta sa isang smart grid upang bigyan ang mga parokyano ng impormasyon, mga mapagpipilian at kontrol na kailangan nila upang pamahalaan ang sarili nilang paggamit ng kuryente.

livegreentoronto.ca

Ang *Integrity Commissioner* ng Toronto

Noong 2004, ang Toronto ay naging unang munisipalidad sa Canada na lumikha ng Office of the Integrity Commissioner.

Ang Integrity Commissioner ay tumutulong sa City Council sa pagpapatupad ng Code of Conduct na gumagabay sa Meyor at mga Konsehal. Mayroong tatlong hiwa-hiwalay ng Code para sa mga Miyembro ng Local Boards (sa makitid na pakahulugan nito) (hal. Exhibition Place at Toronto Zoo) at Adjudicative Boards (hal. ang Licensing Tribunal at Committee of Adjustments). Hinihikayat ang matataas na pamantayan sa pag-uugaling etikal sa pamamagitan ng edukasyon, payo, at pagtugon sa mga di-pormal at pormal na reklamo.

Ang Code of Conduct ay naglalaman ng malawak na hanay ng mga inaasahang asal kabilang ang: pagtanggap ng mga regalo at benepisyo; pagtiyak na ang impormasyong kompidensyal ay hindi ibinubunyag sa maling paraan; mga limit sa paggamit ng mga ari-arian at rekurso ng Lungsod; pagtrato sa mga kawani; pag-iwas sa maling paggamit ng impluwensya o hindi pagsunod sa mga patakaran ng Council.

Ang Sangguniang Lungsod ay nagpatibay ng mga protokol para sa pagtugon sa mga reklamo tungkol sa paglabag sa Code. Ang mga protokol na iyon ay nariyan upang tiyakin na may malinaw na proseso sa pagtugon sa mga reklamo, na nagbibigay-pahintulot sa mga di-pormal na resolusyon sa mga pagtatalo, na ginagawang mas mabilis at madali ang proseso para sa lahat ng nasasangkot.

toronto.ca/integrity

Isang modernong mapagkukunang ng kuryente

Ang industriya ng kuryente ay naghahanda para sa susunod na salinlahi. Dinaragdagan pa ng Toronto Hydro-Electric System Limited ang gawain sa 2010 upang palitan ang nalulumang grid ng kuryenta ng Toronto. Tutugunan nito ang darating na paglaki ng pangangailangan sa kuryente; pahihintulutan ang pamimigay ng *renewable power generation*; at magbibigay ng pinagbuting serbisyo sa mga parokyano sa pamamagitan ng pagsisimula ng paggamit sa *smart technologies*. Mapababuti rin ang serbisyo at pagkamaaasahan sa ilang lugar.

Panahon nang palitan ang isang-katlo ng mga ari-arian ng Toronto Hydro para sa pagbibigay-kuryente. Ang mga kawad ng kuryente, transpormer at istasyon ng transpormer sa mga kapitbahayan sa buong siyudad ay papalitan sa pamamagitan ng isang pangmatagalang hakbang-hakbang na programa. Magtatalaga ang Toronto Hydro ng mahigit $300 milyon sa planong ito na magreresulta sa pinagbuting serbisyo sa mga parokyano at mas kaunting kawalan ng kuryente.

Ang pagpapanibagong ito ng grid ay tinatambalan ng pagsisikap ng Toronto Hydro sa pangangasiwa sa pagtitipid at pangangailan ng kuryente (*conservation and demand management* o CDM). Hinihikayat ng kompanya ang mga residente at mga negosyo na gumamit ng mas kaunting kuryente o gumamit nito sa mga panahong mas kaunti ang pagnkalahatang pangangailan, upang mabawasan nang kaunti ang kagyat na pabigat sa grid at tulungan ang mga parokyano na makatipid sa gastos sa kuryente. Ang mga programang CDM ng Toronto Hydro ay nakatipid na ng nasa 387 megawatts (MW) mula nang ilunsad ito noong 2005. Ang isang megawatt ay katumbas ng 1 milyong watts, o ng kuryenteng kinakailangan upang ilawan ang nasa 66,667 bumbilyang CFL (mga bumbilyang gumagamit ng 15 watts). Noong 2009 lang, nakatipid ang mga taga-Toronto ng may 39.7 MW – ang katumbas ng pag-alis sa 27,000 tahanan mula sa grid.

torontohydro.com

Panahon na naman na muling tingnan ang pantalan

Kung hindi pa kayo nagagawi sa pantalan ngayon, maaaring naisin ninyong dumalaw dito ngayong tag-init. Ngayong lumalarga na ang pagpapanibagong-sigla ng pantalan ng Toronto, magkakaroon ng ilang mga bagong parke at mga pampublikong lugar na maaaring gamitin at paglibangan.

Tatlong WaveDecks

Tampok sa gitnang pantalan ng Toronto ang tatlong pinarangalang "WaveDeck" sa tabi ng lawa. Ang mga WaveDecks, sa rampa ng Spadina, Simcoe at Rees, ay humahango ng inspirasyon mula sa karanasan sa mga bahay-bakasyunan at sa mga dalampasigan ng mga dakilang lawa ng Ontario. Ang mga ito ay may anyong malalaking kahoy na pier at binibigyan ang mga bisita ng isang kakaibang paraang danasin ang lawa.

Pagpapaunlad ng pribadong sektor sa pantalan

Inaprubahan ng Toronto City Council ang pagbebenta ng pwesto ng pagpapaunlad sa Parkside sa Great Gulf Group of Companies. Sa disenyo ng arkitektong tanyag sa buong mundo na si Moshe Safdi, ang pwesto ng pagpapaunlad sa Parkside ay magiging isang makabagong grupo ng mga gusali na may pantahanan, pangkalakal at pang-opisinang espasyo na nag-aalay ng nakabibighaning pananaw ng Lake Ontario at daanan mula sa unang palapag papunta sa Sherbourne Park sa tabi nito.

Mga bagong parkeng binubuo sa East Bayfront

Ang East Bayfront ay isang bagong kapitbahayan sa pantalan na nasa hilaga ng Lake Shore Boulevard na nagsisimula sa Jarvis Street at nagpapatuloy pasilangan sa Parliament Street. Sa loob ng ilang susunod na na taon, and East Bayfront ay magiging isang masiglang bagong komunidad na may pangtahanan at pangkalakal na mga pasilidad, tuluy-tuloy na daanan papunta sa tabi ng tubig at pampublikong transportatsyon na sadyang para dito. Lumalarga na ang paggawa sa dalawang bagong palatandaang parke – ang Sherbourne Park at ang Canada's Sugar Beach. Magbubukas ang dalawang ito ngayong tag-araw.

Pantalan Toronto

Nilikha ng Lungsod ng Toronto kasama ng Pamahalaan ng Canada at Probinsya ng Ontario ang Waterfront Toronto upang pangasiwaan at pamunuan ang pagpapanibago ng pantalan ng Toronto. Kumuha ng dagdag na kaalaman sa www.waterfrontoronto.ca

Community Environment Days

Muling gamitin, Mag-recycle at Ligtas na Magtapon!

Gawin ang inyong bahagi sa paglikha ng isang mas malinis, mas berde at mas mainam tirhan na Toronto. Magdala ng mga gamit sa bahay na hindi niyo na kailangan o gusto sa anumang Community Environment Day. Ang mga araw ng mga gawain at pinakabagong listahan ay nasa aming web page. Para sa detalyadong listahan ng mga bagay na maaari niyong dalhin at kunin mula sa bawat gawain, sumadya sa web page ng Community Environment Day.

Ang mga gawain sa mga Sabado at Linggo ay mula 10 n.u. hanggang 2 n.h. Ang mga gawain sa mga Huwebes at mula 4 n.h. hanggang 8 n.g.

Petsa	**Lugar**	**Ward**
Sabado Abril 3	Earl Haig Secondary School 100 Princess Ave. (Kenneth Ave. sa timog ng Empress Ave.)	23
Sabado Abril 10	Centennial Recreation Centre 1967 Ellesmere Rd. (sa kanluran ng Markham Rd.)	38
Sunday Abril 11	Lawrence Plaza 534 Lawrence Ave. W. (sa Bathurst St.)	15
Sabado Abril 17	Toronto Parking Authority Lot John St. at Weston Rd. (sa Weston Farmers Market)	11
Sabado Abril 17	Wabash Ave. (Sorauren Ave. hanggang MacDonnell Ave.) (dadalo sa Alkalde David Miller sa pangyayaring ito)	14
Sabado Abril 24	Malvern Community Recreation Centre 30 Sewells Rd. (sa silangan ng Neilson Rd., sa hilaga ng Sheppard Ave. E.)	42
Sunday Abril 25	Downsview Park Sheppard Ave. at Keele St.	9
Sabado Mayo 1	Frederick St. sa Frederick St. sa kanto ng The Esplanade and David Crombie Park	28
Sabado Mayo 1	Dieppe Park 455 Cosburn Ave. (sa silangan ng Greenwood Ave.)	29
Sabado Mayo 8	Enbridge Gas (west parking lot) 500 Consumers Rd. (sa kanluran ng Victoria Park Ave.)	33
Sabado Mayo 8	McGregor Park 2231 Lawrence Ave. E. (sa kanluran ng Kennedy Rd.)	37
Huwebes Mayo 13	Donwoods Plaza 51-81 Underhill Dr. (sa hilaga ng Lawrence Ave. E.)	34
Sabado Mayo 15	SATEC at W.A. Porter Collegiate 40 Fairfax Cres. (sa kanluran ng Warden Ave.)	35

Sabado Mayo 15	North Toronto Memorial Arena 174 Orchard View Blvd. (sa kanluran ng Yonge St., sa hilaga ng Eglinton Ave.)	22
Huwebes Mayo 20	Amesbury Arena 155 Culford Rd. (sa timog ng Lawrence Ave. W., sa silangan ng Black Creek Dr.)	12
Sabado Mayo 22	The Albion Centre 1530 Albion Rd. (sa kanto ng Kipling Ave.)	1
Sabado Mayo 22	Morningside Works Yard 891 Morningside Ave. (sa timog ng Highway 401)	43
Huwebes Mayo 27	Esther Shiner Stadium 5720 Bathurst St. (sa kanto ng Finch Ave. W.)	10
Sabado Mayo 29	Seneca College (Newnham Campus) 1750 Finch Ave. E. (sa likod na paradahan sa may Don Mills Rd.)	24
Sabado Mayo 29	Shaw St. sa may Fred Hamilton Park (sa timog ng College St.)	19
Huwebes Hunyo 3	Birchmount Bluffs Neighbourhood Centre 93 Birchmount Rd. (sa Kingston Rd.)	36
Sabado Hunyo 5	Woodbine Beach Park 1675 Lake Shore Blvd. E. (sa Coxwell Ave.)	32
Sabado Hunyo 5	Stan Wadlow Park 373 Cedarvale Ave. (sa silangan ng Woodbine Ave.)	31
Sabado Hunyo 12	Broadview Ave. along Riverdale Park E. (sa hilaga ng Gerrard St. E.)	30
Linggo Hunyo 13	Wychwood Ave. Wychwood Barns Park (sa timog ng St. Clair Ave. W., sa silangan ng Christie St.)	21
Sabado Hunyo 19	Commander Park Arena 140 Commander Blvd. (sa may McCowan, sa timog ng Huntingwood)	41
Sabado Hunyo 19	Etienne Brûlé Park (sa silangan ng Humber River) pumasok mula sa Catherine St., mula sa Old Mill Dr.	13
Sabado Hunyo 26	Richview Collegiate 1738 Islington Ave. (sa kanto ng Eglinton Ave. W.)	4
Sabado Hunyo 26	Colonel Samuel Smith Park Kipling Ave. at Lake Shore Blvd. W. (sa paradahan ng Powerhouse)	6
Sabado Hulyo 3	Black Creek Pioneer Village 1000 Murray Ross Pkwy. (sa silangan ng Jane St., sa may Steeles Ave.)	8
Sabado Hulyo 3	Central Technical School 725 Bathurst St. (pumasok sa Borden St. at Harbord St.)	20

Sabado Hulyo 10	Loretto College School 151 Rosemount Ave. (sa kanluran ng Dufferin St.)	17
Linggo Hulyo 11	Dufferin Mall 900 Dufferin St. (sa timog ng Bloor St. W.)	18
Sabado Hulyo 17	Ramsden Works Yard 1008 Yonge. St. (sa tapat ng Rosedale subway station)	27
Huwebes Set. 2	Carmine Stefano C.C. (sa likod na paradahan) 3100 Weston Rd. (sa bandang kanluran, sa hilaga lang ng Sheppard Ave.)	7
Sabado Set. 11	Stonegate Plaza 150 Berry Rd. (sa kanto ng Stephen Dr., sa silangan ng Park Lawn Rd.)	5
Sabado Set. 11	Toronto Parking Authority Lot 3885 Yonge St. (sa timog ng York Mills Rd.)	25
Huwebes Set. 16	North Toronto Memorial Arena 174 Orchard View Blvd. (mula sa Yonge St., sa hilaga ng Eglinton Ave. W.)	16
Sabado Set. 18	L'Amoreaux Community Recreation Centre enter off McNicoll Ave. (sa kanluran lang ng Kennedy Rd.)	39
Sabado Set. 18	Toronto Hydro Building (sa likod na paradahan) 2 Civic Centre Court (sa kanto ng West Mall at Burnhamthorpe Rd.)	3
Sabado Set. 25	Colonel Danforth Park 73 Colonel Danforth Trail (sa kanto ng Kingston Rd.)	44
Linggo Set. 26	Woodbine Centre 500 Rexdale Blvd. (sa kanto ng Highway 27)	2
Sabado Oktubre 2	Agincourt Mall 3850 Sheppard Ave. E. (sa kanto ng Kennedy Rd.)	40
Sabado Oktubre 2	Leaside Memorial Gardens 1073 Millwood Rd. (sa kanto ng Laird Dr.)	26

toronto.ca/environment_days
o tumawag sa 311